



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPU MULA SA KATITIKAN NG IKA – 142 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 23, 2022, IKA – 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Konsehal Jerwin S. Dimapilis	- Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal David D. De La Cruz	- Member
Konsehal John John S. Yason	- Member
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Member
Konsehal Lucille T. Bacay	- Member
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Member
Konsehal Ronel S. Sescar	- Member
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Member
Konsehal Elmira May V. Tarac	- Pangulo, MSKF
Konsehal Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:

Pangalawang Punong Bayan Gualberto V. Magno - Tagapangulo

KAPASYAHAN BLG. 644

Taong 2022

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING PUNONG BARANGAY NG MABUHAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. JUANCHO V. SILANGA, SR.


SAPAGKAT, noong Mayo 18, 2022, pumanaw si Kgg. Juancho V. Silanga, Sr. sa edad na animnapu't lima (65) at kanyang naulila ang kanyang kabiyak, mga anak at apo;


SAPAGKAT, si Kgg. Juancho V. Silanga, Sr. na kilala ng marami bilang "Kapitan Bong" ay naglingkod bilang Punong Barangay ng Barangay Mabuhay mula 2007 hanggang 2010 at 2013 hanggang sa kanyang pagpanaw at sa mga panahong ito, siya ay nagpamalas ng dedikasyon at pagmamahal sa kanyang sinumpaang tungkulin;

SAPAGKAT, sa kanyang panumungkulan, sinikap ni Kapitan Bong na mailapit ang serbisyo ng pamahalaan sa kanyang nasasakupan at mabigyang-kalutasan ang kanilang mga karaingan;

SAPAGKAT, bilang Punong Barangay, ginamapangan niya ang kanyang tungkulin nang may pagpapahalaga sa tiwalang ipinagkaloob sa kanya ng kanyang mga kabarangay;

SAPAGKAT, ang kanyang pagyao ay malaking kawalan sa kanyang mga kababayan, mga kasamahan sa paglilingkod at higit sa lahat, sa kanyang naulilang pamilya;


MARIA MAHARLIKA M. FABIC


JERWIN S. DIMAPILIS

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, kasama ang mga pinuno at kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang dating lingkod-bayan, Kgg. Juancho V. Silanga, Sr.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging Punong Barangay ng Barangay Mabuhay, Roxas, Oriental Mindoro, Kgg. Juancho V. Silanga, Sr. ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Juancho V. Silanga, Sr. lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 23 Mayo 2022

PINATUTUNAYANG WASTO:


MARIA MAHARLIKA M. FABIC
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTITIBAYAN:


JERWIN S. DIMAPILIS
Pansamantalang Tagapangulo